
1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagsasalaysay sa Kuwentong Nabasa



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue Base – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagsasalaysay sa Kwentong Nabasa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Blanca Sol B. Rivera
**Editor:** Jun-Jun R. Ramos, Donna Lynne E. Reyes
Mark-Jhon R. Prestoza, Bengielyn R. Gaya
Jerimiah M. Agcaoili, Richelle S. Uy
**Tagaguhit:** Blanca Sol B. Rivera
**Tagalapat:** Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Romel B. Costales
Rizalino G. Caronan
Rodrigo V. Pascua
Marietess B. Baquiran
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region 02**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagsasalaysay sa Kuwentong Nabasa

DEPARTMENT OF EDUCATION

**Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda at isinulat para malinang ang iyong kakayahan at mabigyan ng magandang pagkakataon upang maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang Mother Tongue sa unang baitang.

Matutuhan mo sa modyul na ito ang wastong pagsasalaysay sa kuwentong nabasa. Sa iyong pagkukuwento, inaasang magagamit mo ang mga salitang pamatnubay upang maging maganda at maayos ang pagsasalaysay.


Sa pagtatapos ng modyul na ito ay inaasahang;

- Makapagsasalaysay ng kuwentong binasa

## *Subukin*

Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

**Ang Pagong ni Dingdong**



Si Dingdong ay may alagang pagong. Ito si Pong Pagong. Si Pong Pagong ay naglalaro sa may gulong. Sa ilalim ng barong-barong nina Dingdong nakatira si Pong Pagong.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
   a. Ang Pagong
   b. Ang Pagong ni Dingdong
   c. Si Pong Pagong

2. Sino ang batang may alagang pagong?
   a. Bongbong b. Kingkong c. Dingdong

3. Ano ang alaga ni Dingdong?
   a. Pagong b. Dugong c. Buwaya

4. Saan naglalaro si Pong Pagong?
   a. sulok b. barong-barong c. gulong

5. Saan nakatira si Pong Pagong?
   a. sa loob ng gulong
   b. sa ilalim ng barong- barong
   c. sa loob ng bahay ni Dingdong

## *Balikan*

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Piliin ang letra ng angkop na larawan na nagpapakita ng pangyayari at isulat ito sa kuwaderno.

1. Nakasuot ng malaking sombrero si Ana. Ito ay regalo na kanyang ina. Siya ay masayang masaya.

a. 


b. 

c. 

2. Ang bata ay may tuta.Lagi niya itong kasa-kasama. Namasyal sila sa parke.

a. 


b. 

c. 

3. Pagtatanim ng gulay ang libangan ni tatay. Salitan kami sa pagdidilig ng gulay araw-araw.

a. 


b. 


c. 

## *Tuklasin*

Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

**Ang Alaga ni Niña**



Isang umaga, hinahanap ni Niña ang alagang pusang si Coco. Dahil sa alaga, hindi siya naiinip sa loob ng bahay, bagkus tumutulong siyang magwalis at masipag magpakain ng kaniyang alaga.

Napulot lamang ng kaniyang tatay ang kuting sa daan. Masayang-masaya si Niña ng araw na iyon. “Alagaan mo siyang mabuti anak”, sabi ni Mang Cardo. Tuwang-tuwang niyakap ni Niña ang ama at nagpasalamat. Kaya ring manghuli ng daga ang alaga ni Niña.

Lalo pang napamahal kay Niña ang kanyang alaga. Hayop man si Coco, kapamilya ang turing nila dito.

## Suriin

Basahin at sagutin ang mga tamang sagot. Isulat ang letra ng tamang sagot sa kuwaderno.

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
    a. Niña, tatay at coco
    b. aso at pusa
    c. mga pinsan
2. Sino ang batang masayahin at masipag sa kuwento?
    a. Coco
    b. Vida
    c. Niña
3. Ano ang gustong-gustong gawin ni Niña kahit hindi inuutusan ng nanay?
    a. magwalis
    b. maligo
    c. magpakain ng alaga
4. Saan napulot ni Tatay Cardo ang pusa?
    a. sa hardin
    b. sa daan
    c. sa parke
5. Ano ang dapat gawin sa mga alagang hayop?
    a. alagaan at mahalin
    b. bigyan ng mga laruan
    c. huwag pakainin

## Pagyamanin

Isalaysay muli ang kuwento ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari. Isulat ang 1, 2, 3, 4 at 5 sa kuwaderno.

_____ Inaalagaan ni Niña ang pusang si Coco.

_____ Nakapulot ng pusa si Tatay Cardo.

_____ Nanghuli ng daga si Coco.

_____ Niyakap ni Niña ang tatay dahil kay Coco.

_____ Kapamilya ang turing nila sa alagang pusa.


## Isaisip

Ang pagsasalaysay ay isang uri ng pagkukuwento o pagsasabi ng mga pangyayari, katotohanan, o bagay na may kaugnayan sa paksa na may maayos at kapaki-pakinabang na pagkakasunod-sunod ng mga impormasyon.

Ang pagsasalaysay muli sa nabasang kuwento ay isang paraan upang malaman kung naintindihan ng mambabasa ang kuwento.

## *Isagawa*

Mula sa kuwentong binasa na pinamagatang "Ang Alaga ni Niña", punan ng tamang sagot ang graphic organizer. Isulat ang sagot sa kuwaderno.



# *Tayahin*

Basahin ang kuwento sa tulong ng nanay. Isalaysay muli ang  mga pangyayari  sa kuwento. Iparinig ito sa iyong pamilya.



## Gulay ay Hindi Hilig

Blanca Sol B. Rivera

Nasa harap ng mesa ang batang si Mara habang umiiyak. “Ayaw ko po yan nanay!” Paulit-ulit na sinasabi niya. Pinagsasabihan ng ina si Mara na kailangang araw-araw siyang kumain ng gulay.

Unang araw ng pagpasok ni Mara sa paaralan. Napansin ng guro na matamlay ang bata.


“May sakit ka ba Mara?” tanong ni Gng. Rivera. Ito’y tila inaantok at bahagyang mainit ang katawan. Tinawagan ng guro ang nanay ni Mara. Agad-agad nagpunta sa paaralan si Aling Mila.

Nag-usap ang guro at nanay ni Mara. Nalaman ng guro ang dahilan kaya may sakit si Mara.  Kinausap ng guro si Mara. Sinabi niya ang hindi magandang epekto ng hindi pagkain ng gulay. Inuwi muna si Mara ng kanyang nanay para makapagpalakas.

Simula noon natuto nang kumain ng iba’t ibang uri ng gulay si Mara. Naunawaan na niya ang halaga nito sa katawan dahil sa paliwanag ni Gng. Rivera.

## *Karagdagang Gawain*

Pumili ng isang maikling kuwentong nais basahin. Punan ang graphic organizer sa ibaba at isalaysay muli ang binasa sa iyong kapamilya.



# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. b
2. c
3. a
4. b
5. b

**Pagyamanin**

1. 3
2. 1
3. 4
4. 2
5. 5

**Suriin**

1. a
2. c
3. c
4. b
5. a

**Rubrics sa Pagsasalaysay ng Kwentong Nabasa**

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| 1. Pagsalaysay gamit ang---- tauhan,tagpuan at pangyayari. | Natatangi<br>Katamtaman<br>Nangangailangan ng tulong |
| 2. Paggamit ng sariling salita ----- sa pagsasalaysay. | |
| 3. Napagsusunod-sunod ang ----- mga pangyayari sa kwento. | |
| 4. Nasasabi ang aral sa kwento.------ | |

## *Sanggunian*

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner'sMaterials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher'sGuide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph